# MAMAMAYAN NG TIMOG KATAGALUGAN,
# KAPIT-BISIG NA HARAPIN ANG EL NIÑO!

Ramdam na ramdam na ng mamamayan ang matinding epekto ng El Niño sa kanilang pang-araw-araw na buhay, kabuhayan at kalusugan. Ang El Niño ay isang penomenong pangklima kung saan umiinit ang silangang bahagi ng Pacific Ocean (Asia at Oceania). Lumalala ang epekto ng El Niño dahil sa patuloy na pangwawasak sa kalikasan ng mga gahaman lalo ng imperyalismong US sa ngalan ng pagpapalaki ng kanilang yaman.

Kapag may El Niño, labis ang init o kawalan ng ulan, mabilis na pagkatuyo o pagka-iga ng mga bukal, balon, sapa at maging ng ilang ilog na mahalagang pagkukunan ng tubig ng mamamayan. Natutuyo at nasisira ang mga pananim. Ang mga tao ay maaaring makaranas ng *heat stroke*, bulutong tubig, *heat exhaustion* at *dehydration*.

Sa Timog Katagalugan, lubhang apektado ang mga probinsya ng Occidental Mindoro, Oriental Mindoro at Palawan maging ang Cavite, Laguna, Batangas. Umaabot sa P770 milyon ang pinsala sa agrikultura sa MIMAROPA habang P7 milyon naman sa CALABARZON.

Hindi sinsero ang reaksyunaryong gubyerno ni Marcos II na harapin at lutasin ang mga problemang dulot ng El Niño. Ipinagyayabang nito ang pamimigay ng pinakamalaki nang P5,000 na ayuda, subalit hanggang saan naman aabot ang kakarampot na salapi sa panahong napakamahal ng mga bilihin? Nagkukumahog itong punan ang pangangailangan para sa tubig ngunit huling-huli na. Natuyo na ang 64.4% ng kabuuang tanim na palay sa bansa.

Malinaw na sa panahong ito, ang pangunahing maaasahan ng mamamayang Pilipino ay ang kanilang lakas at pagkakaisa. Dapat isulong ang sumusunod na makatarungang panawagan at kahilingan ng bayan:

1. **SINGILIN AT PAGBAYARIN ANG GUBYERNONG MARCOS II SA GRABENG KAPABAYAAN.** Kailangang igiit na ilaan ang pondo sa kapaki-pakinabang na mga proyekto at solusyon sa El Niño sa halip na sa *charter change* at pondong militar.

2. **LUMABAN PARA SA KABUHAYAN!** Igiit ang subsidyo sa produksyon ng mga magsasaka at mangingisda. Ipanawagan ang di-pagbabayad ng upa sa lupa, kanselasyon ng mga utang sa panahon ng sakuna at pagkontrol sa presyo ng mga bilihin. Makibaka para sa taas-sahod. Kalampagin ang mga ahensya ng gubyerno para sa bigas at ayuda.

3. **IPAGTANGGOL ANG KARAPATAN SA LUPA!** Ilantad at labanan ang mga pakanang samantalahin ang tagtuyot upang kamkamin at ikumbert ang mga lupang sakahan.

4. **PALAKASIN ANG MGA NAKATAYO NA AT PARAMIHIN PA ANG MGA SAMAHANG MASA.** Magpatupad ng mga proyekto tulad ng pag-iipon ng tubig, kolektibong pagsasaka at mga bayanihan para tugunan ang pangangailangan ng komunidad.

5. **ILANTAD ANG IMPERYALISMO BILANG UGAT NG PAGKASIRA NG KALIKASAN.** Tutulan ang malakihang pagtotroso at pagmimina, mga proyektong reklamasyon, pagtatayo ng mga dambuhalang dam at iba pang huwad na proyektong pangkaunlaran na mapanira sa kalikasan.

NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
NDF
SOUTHERN TAGALOG